

# MAGBAYBAY AY DI BIRO<sup>1</sup>

Resty Cena

---

## *Buod*

Tinalakay ang ortograpiya ng Tagalog at Filipino. Ipinakita ang kalinawan “transparency” ng ortograpiya ng Tagalog, at ang paglabo ng ortograpiya ng Filipino nang dagdagan ng ilang letrang banyaga. (Malaking tulong sa bilis ng pagtutong bumasa at sumulat ang malinaw na ortograpiya.) Sinuri ang pangngangatwiran sa pagdagdag ng mga letra sa Filipino, at pinagdudahan na may pakinabang ang nasabing hakbang. Sa bandang huli, tinangkang sinupin sa ilang tuntunin ang pagbaybay ng mga salita sa Filipino.

## *Abstract*

The orthographies of Tagalog and Filipino are discussed. The paper shows the remarkable transparency of the orthography of Tagalog, and the opacity of the orthography of Filipino with the addition of foreign letters. (A transparent orthography is a major factor in learning reading and writing.) The argument for the addition of foreign letters and sounds to the orthography of Filipino was examined, and found to be lacking in merit. Finally, an attempt was made to capture into a few general statements the rules for spelling Filipino words.

## **Ortograpiya**

Isang pundamentong tanong tungkol sa ortograpiya ng isang wika ang kung ano ang elemento ng wika na dapat itala ng ortograpiya, at kung paano ito itatala (tingnan ang pagtalakay sa Sproat 2000). Sapagkat ang pangunahing layon ng ortograpiya ay para makatulong sa episyenteng pagbasa at pagsulat, kung gayon, ang yunit ng wika na igagalang ng ortograpiya ay iyong may pinakamalaking tulong sa pagbasa at pagsulat.

Isang gabay sa paghusga sa kahusayan ng isang ortograpiya ang kalaliman ng ortograpiya “orthographic depth”. Sa mga ortograpiya na ang eskripto ay alpabeto, tulad ng Filipino, ang lalim ng ortograpiya ay sinusukat ayon sa katapatan ng tambalan ng grapema at tunog. Kung ang tambalan ay sumusunod sa tuntuning “Isang tunog isang marka, at isang marka isang tunog” (tatawagin natin ang tuntuning ito na “isa-sa-isa”),

---

<sup>1</sup> Papel na babasahin sa 1<sup>st</sup> Philippine Conference-Workshop on Mother Tongue-Based MLE. Cagayan de Oro City, Philippines, Pebrero 18-20, 2010.

ang ortograpiya ay mababaw “shallow orthography”<sup>2</sup> (tinatawag din na ortograpiyang malinaw “transparent orthography”). Ang kabilang-dako ay ortograpiyang malalim “deep orthography” (tinatawag din na ortograpiyang malabo “opaque orthography”), at dito, hindi regular ang tumbasan ng grapema at tunog, kayat hindi makakasiguro sa tamang bigkas kung ang titingnan lang ay ang mga letra at lalapatan ng simpleng tuntuning letra-sa-tunog. Tinatanggap na ang mababaw na ortograpiya ay nakapagpapadali sa pagbasa at pagsulat.<sup>3</sup>

Isa sa pinakamalalim na ortograpiya ang Ingles. Maraming tunog sa Ingles ang may mahigit sa isang baybay, halimbawa, ang tunog na [k] ay may 12ng baybay. Walang “rhyme or reason”, wika nga, ang tumbasan. Kailangang maisaulo ang bawat tunog sa bawat salita.

DRAFT	<i>Tunog</i> [k]	<i>Baybay</i>	cat
		c	key
		k	tack
		ck	chord
		ch	account
		cc	liquor
		qu	Iraq
		q	acquaint
		cq	biscuit
		cu	mosque
		que	trekker
		kk	khan
	kh		

Ang kabaligtarang gawain – ang pagtatambal ng titik sa tunog – ay mayroon ding komplikasyon. Maraming letra sa Ingles ang may mahigit sa isang basa, halimbawa, <s> at <ss>. Kahit na kilala ng bata ang letra,

<sup>2</sup> Sumangguni sa Coulmas (1991) at Sproat (2000) tungkol sa mga saligang konsepto at mga isyo sa ortograpiya.

<sup>3</sup> “For easy learning, the relation between letters and speech segments should preferably be systematic and transparent.” (Noteboom 2007). Sa eksperimento nina Zaretsky, atbp (2009), ibinalita nila: “The results indicate that a transparent orthography (Croatian) increases early decoding and encoding skills and they show expected correlations between PA [phonological awareness], vocabulary, and early literacy abilities. English speakers did not show these correlations at the onset of the kindergarten year. We postulate that the nature of the deep orthography requires some instructional time for English-speaking children before PA and vocabulary will show predictive validity for reading acquisition”.

hindi niya kapagkaraka malalaman kung ano ang bigkas nito. At dahil walang konsistensiya ang tumbasan, mahirap bumuo ng mabisang estratehiya. Kailangang maisaulo niya kung ang nasabing letra sa isang salita ay kabilang sa isa sa mga pangkat na may ganito o gayong basa.

<i>Baybay</i>	<i>Tunog</i>	
<s>, <ss>	[s]	song, ask, message, misled
	[z]	scissors, dessert, dissolve, Islam,
	[ʃ]	sugar, tissue, aggression,
	[ʒ]	vision,
	∅	islet, aisle

Madaling makita na ang isang malalim na ortograpiya, tulad ng Ingles (at Pranses), ay may hatid na karagdagang problema sa pagbasa at pagsulat na hindi hindi dala ng mababaw na ortograpiya, tulad ng Italyano at Kastila. Ngayon, malalim o mababaw ba ang ortograpiyang Filipino? Tungo sa pagsagot sa tanong na ito, tingnan natin ang ortograpiya ng Tagalog.

### Ang mga Tunog at Titik ng Tagalog

Ang Tagalog ay may 21ng tunog at 20ng titik. Ipinakikita sa ibaba ang tambalan ng mga tunog at titik.

Tunog

a	b	k	d	e	g	h	i	l	m	n	ŋ	'	o	p	r	s	t	u	w	y
a	b	k	d	e	g	h	i	l	m	n	ng		o	p	r	s	t	u	w	y

Titik

↑ ↑  
Paglabag sa "isa-sa-isa"

Sa itaas, makikita ang *halos* perpektong tambalan ng tunog at titik sa Tagalog. May ilang paglabag sa tuntuning "isa-sa-isa". Una, ang tunog na impit sa lalamunan [ ' ] ay walang katumbas na titik. Sa halip na letra, tuldik na paiwa [ ` ] sa ibabaw ng sinusundang patinig ang ginagamit: [ *pilì* ], [ *hikà* ], [ *suyò* ]. Dahil dito, epektibong nadagdagan ng lima ang listahan ng marka: < à, è, ì, ò, ù >. Kailangang malaman ng isang batang nag-aaral na ang walang kudlit na [a] at kinudlitang [à], halimbawa, ay magkaiba hindi lang sa pagbasa, kundi sa isang paraang nakapagbabago ng kahulugan. Dito ang impit, na isang ponemang segmental, na dapat sanang isagisag ng isang markang segmental, ay isinasagisag ng tuldik, na isang markang suprasegmental. Nilalabag ng ganitong gamit pagmamarka ang isang pundamentong katangian ng ulirang ortograpiya: panatilihin sa isang lebel ng representasyon ang tambalan

ng marka at tunog (Sproat 2000). Sistemang segmental ang Filipino, kayat ang mga tunog na segmental ay dapat lapatan ng segmental na marka.

Kung ang tunog na impit ay nabigyan o bibigyan ng sariling titik na segmental, halimbawa ng tuldik na paiwa [ ` ] (bilang 'titik' hindi bilang kudlit), kayat ang mga salitang nagtatapos sa impit na tunog ay isusulat na ganito: < *pili`* >, < *hika`* > at < *suyo`* >, lalo pang bababaw ang ortograpiya ng Tagalog. Ang tumbasan ng tunog at titik ay tulad nito:

Tunog

a	b	k	d	e	g	h	i	l	m	n	ŋ	'	o	p	r	s	t	u	w	y
a	b	k	d	e	g	h	i	l	m	n	ng	`	o	p	r	s	t	u	w	y

Titik



Sumusunod sa "isa-sa-isa"

Ang ikalawang pagtaliwas ng ortograpiya ng Tagalog sa ulirang ortograpiya ay ang gamit ng dalawang titik – <*n*> at <*g*> – na sagisag ng tunog na pailong na pangngalangala "velar nasal" [ŋ]. Kung lalapatan ng isang titik ang tunog na /ŋ/ -- gamitin natin ang titik na < ŋ > – ang tumbasan ay tulad nito:

*Ulirang Ortograpiyang Ponetiko ng Tagalog*

Tunog

a	b	k	d	e	g	h	i	l	m	n	ŋ	'	o	p	r	s	t	u	w	y
a	b	k	d	e	g	h	i	l	m	n	ŋ	`	o	p	r	s	t	u	w	y

Titik

Ang ganitong sistema ("isang marka isang tunog (pono), at isang marka isang tunog (pono)") ay tinatawag na ortograpiyang *ponetiko*. Kung isasagawa ang dalawang panukala sa itaas, magiging isang ulirang ortograpiyang ponetiko ang Tagalog.

Tikman natin ang ortograpiyang ito. Tingnan ang salin sa lumang Tagalog mula sa orihinal na Alibata ng Ave Maria na matatagpuan sa Doctrina Cristiana.

*Orihinal*

Abá Ginoó Mariya, matuwâ ka na, napupunô ka nang garasiya. Ang Panginoóng Diós (ay) nasa iyó. Bukód kang pinagpalà sa babaying lahát. Pinagpalà namán ang iyóng anák si Sesús. Santa Mariya, iná nang Diyós, ipanalangin mo kamíng makasalanan ngayón at kung mamatáy kami. Amén Sesús.

Ang bersyon naman sa ibaba ay alinsunod sa “ulirang” ortograpiyang ponetiko ng Tagalog. Tatlong kaibahan: inalis ang mga kudlit sa orihinal, ipinakikita ang sagisag ng impit na tunog, at pinalitan ang digrapong <ng> ng <ŋ>.

*Ulirang Ponetikong Tagalog*

Aba Ginoo Mariya, matuwa` ka na, napupuno`  
ka naŋ garasiya. An Paginoon Dios (ay) nasa  
iyo. Bukod kaŋ pinagpala` sa babayiŋ lahat.  
Pinagpala` naman aŋ iyon anak si Sesus.  
Santa Mariya, ina naŋ Diyos, ipanalanin  
mo kamiŋ makasalanan ŋayon at kuŋ mamatay  
kami. Amen Sesus.

Ang punto ng ehersisyo ay kung “maayos sa mata” ang lumalabas na teksto sa ponetikong ortograpiya. Ano sa palagay ninyo? (Bigyan ng pataan ang bagay na asiwa tayo sa ano mang pagbabago habang hindi pa nakakasanayan.)

Sa ortograpiyang ponetika, ang mga tunog na nilapatan ng titik ay ang tinatawag na dimakabuluhang tunog o alopono. Sa Tagalog, ang mga tunog na [e] at [i] ay hindi makabuluhan sapagkat hindi sila naghuhudyat ng pagbabago ng kahulugan. Gayon din ang mga tunog na [o] at [u]. Mga halimbawa:

babae – babaing (Hindi nagbabago ang kahulugan ng ugat  
suklob – sukluban kahit magkaiba ang kanilang anyo)

Ang bagay na ang grapema (<e, i> at <o, u>) ay tumutumbas sa mga elemento sa mahigit sa isang lebel ng representasyon ng wika: ponetiko at ponemiko, ay isang paglabag sa katangian ng ulirang ortograpiya (Sproat 2000). Kung kaya, sa ortograpiyang ponetiko, malamang mangyari na ang isang morpema ay magkaroon ng mahigit sa isang anyo, halimbawa, ang “babae” ay may mga anyong <babae> at <babai>, tulad ng makikita sa itaas. Sapagkat ang [e] at [i] ay di naghuhudyat ng pagbabago ng kahulugan, nagkaroon ng puwang para sumungaw ang mga baybay na hindi uniporme, halimbawa:

“babae”        \*<babai>  
“lalaki”        \*<lalake>  
“babaing”      \*<babaeng>  
“lalaking”

Sa nagsisimulang bumasa at sumulat, isang karagdagang pasanin ang magkaibang anyo na may isang kahulugan. Kailangang malaman kung aling pagbabago ng anyo ang nagbabago ng kahulugan, at kung kailan o saan nagbabago ang anyo. Samakatuwid, para mapadali pa ang pagsulat at pagbasa, kailangang iwasan ang ganitong magkakaibang marka na hindi naghuhudyat ng pagbabago ng kahulugan. Ang mga tunog na lalapatan ng titik ay iyon lang mga makabuluhang tunog. Ang ortograpiya na sumusunod sa patakarang ito ay tinatawag na **ortograpiyang ponemiko**. Nasa ibaba ang ortograpiyang ponemiko ng Tagalog. Ang mga tunog na [i] at [e] ay tinutumbasan ng letrang <i>, at ang mga tunog na [u] at [o] ng letrang <u>. Ang lalabas na alpabeto, 19ng na tunog, 19ng na letra! Simple at perpektong ortograpiya.

### Orotograpiyang *Ponemiko* ng Tagalog

#### Makabuluhang Tunog

a	b	k	d	g	h	i	l	m	n	ɲ	'	p	r	s	t	u	w	y
a	b	k	d	g	h	i	l	m	n	ɲ	`	p	r	s	t	u	w	y

#### Titik

Sa ortograpiyang ito, hindi na pag-aalinlangan kung <o> o <u> at <e> o <i> ang baybay, halimbawa, <buuin>, hindi <buoin>; <babai> hindi <babae>. Baybay ang tinutukoy dito, hindi bigkas. Ang <buuin> ay babasahin pa rin na [buuin] o [buoin]; ang <babai> ay [babai] o [babae]. Sinusunod pa rin ang tuntuning isa-sa-isa, pero ang tinutukoy na tunog ay iyong mga makabuluhan.

Ang teksto ng Ave Maria sa ortograpiyang ponemiko ay tulad nito:

Aba Ginuu Mariya, matuwa` ka na, napupunu`  
ka naɲ garasiya. An Paɲinuun Dius (ay) nasa  
iyu. Bukud kaɲ pinagpala` sa babayin lahat.  
Pinagpala` naman an iyun anak si Sisus.  
Santa Mariya, ina naɲ Diyus, ipanalain  
mu kamiɲ makasalanan naɲun at kuɲ mamatay  
kami. Amin Sisus.

Bilang paglalagom, tatlong hakbang pa ang kulang para maging ulirang ortograpiyang ponemika ang Tagalog /Filipino:

- (i) Paglapat sa makabuluhang tunog na impit (/') ng titik (< ` >).
- (ii) Paglapat sa makabuluhang tunog na pailong na pangngala-ngala (/ɲ/) ng isang titik (< ɲ >), at
- (iii) Paglapat ng isang titik <i> sa mga aloponong [i] at [e], at <u> sa [o] at [u].

Tayong sanay sa kasalukuyang ortograpiya ay mababagabag sa simula sa ortograpiyang ponemiko. Ang pagbabagong (i) at (ii) ay may pag-asang matanggap, pero ang (iii) ay mangangailangang ng ibayong pagpupursigi para maipasok sa ortograpiya<sup>4,5</sup>. Kung maipapatupad ang (i) at (ii), at hindi ang (iii), ang ortograpiya ng Filipino ay perpektong ponetiko.

BALIKAN natin ang pangunahing layon ng ortograpiya: sa pagbasa, episyenteng pagkilala sa saligang anyo “base form” ng morpema, at sa pagsulat, episyenteng pagsalin ng representasyon ng morpema sa tamang anyo. Habang nasa isip natin ito, pansinin ang mga tambal na salita sa ibaba. Alin kaya ang mas madaling intindihin ng isang nag-aaral bumasa, ang mga salita sa kaliwa o ang mga salita sa kanan?

taumbahay  
bukambibig  
labimpito

taong-bahay  
bukang-bibig  
labing-pito

Hindi natin masasagot ang tanong nang tiyakan hangga’t hindi tayo gumagawa ng eksperimento. Pero mapapangatwiranan na madaling maiintindihan, sa unang halimbawa, na ang tinutukoy ay “tao ng bahay”, isang kahulugan na mas malapit sa anyong <taong-bahay> kaysa sa <taumbahay>. Para makuha ang kahulugang ito mula sa “taumbahay”, kailangan kalasin ang epekto ng asimilasyon: palitan ang <m> ng <ng>, at ibaba ang <u> sa <o>. Sa ganitong pagbaybay, nagkakaroon ng iba pang anyo ang isang salita<sup>6</sup>.

<sup>4</sup> Ang mga pagbabago, tulad ng ano mang pagbabago, ay humihingi ng sakripisyo. Sino o alin ang ating ihahain sa altar: ang ginhawa nating mga matatanda, o ang karagdagang bilis sa pagtutong bumasa at sumulat ng mga bata?

<sup>5</sup> Sa kabilang dako, ang kasalukuyang sitwasyon (ortograpiyang ponetiko), na may sariling representasyon ang mga ponong [e, o], ay maaari din naman na may pakinabang sa bandang huli, sapagkat kung mayroong bahagi ng ponolohiya ng Filipino na bibigay sa asulto ng panghihiram ng mga salita sa Ingles, ito ay ang paghihiwalay ng [i, e] at [o, u] tungo sa pagiging makakabuluhang tunog.

<sup>6</sup> Isa pang sinasabing kapansanan ng ponetiko at ponemikong baybay: “It is also argued that when people read, they do not in reality try to work out the sequence of sounds composing each word, but instead recognize words either as a whole, or as a sequence of small number of semantically significant units (for example *morphology* might be read as *morph+ology*, rather than as a sequence of a

Ang sistema na pinapaboran ang mga anyo sa kanang hanay sa itaas ay tinatawag na **ortograpiyang morpema** “morpheme-based orthography”: Isang kahulugan (o morpema), isang anyo; isang anyo, isang kahulugan<sup>7</sup>. Hangga’t maaari, iisa lang ang baybay ng isang morpema kahit na ano pa man ang kapaligiran nito, na pagpapanatili ng abstraktong anyo sa kabila ng mga pagbabagong ponolohiya. Sa dulong na ito, hindi kinakailangang kalasin ang mga pagbabago sa anyo dala ng mga prosesong asimilasyon, kaltasan, palitan “metatesis”, konkatensasyon, at reduplikasyon<sup>8</sup>.

<i>Isulat na ganito</i>	<i>Sa halip na</i>
gayon pa man	gayonpaman (konkatensasyon)
atipan	aptan (metatesis)
dakipin	dakpin (“vowel elision”)
nakakabaliw	nakababaliw <sup>9</sup> (reduplikasyon ng pantig)
halo-halo	halu-halo (reduplikasyon ng ugat)

Ang asimilasyon ng tunog na [ŋ] (na nakikibagay sa punto ng artikulasyon ng sumusunod na tunog) ay makikita rin sa unlapian na kinasasangkutan ng mga panlaping nagtatapos sa *-ang* (hal., *pang-*, *mang-*, *sing-*). Kahit man at sa pagbigkas ay maaaring karaniwan ang asimiladong tunog<sup>10</sup>, sa pagbasa makatutulong na isang anyo lang ang panlapi, at ito ang saligang anyo (*pang-*, *mang-*, *sing-*).

---

larger number of phonemes). Wikipedia: [http:// en. wikipedia. org/ wiki/ Spelling reform](http://en.wikipedia.org/wiki/Spelling_reform)

<sup>7</sup> Liban na lang kung ang salita ay homopono ng isa pang salita.

<sup>8</sup> Ano ang dapat na pagtuonang itala ng isang ortograpiya: tunog, mahahalagang tunog, o pinakamaliit na yunit ng kahulugan?

<sup>9</sup> Sa pagbuo ng mga halaw na salita sa pamamagitan ng pag-ulit ng pantig, ang inuulit ay ang unang pantig ng *base*. Sa *magdala*, ang base ay ang ugat na *dala*, kung kaya sa pag-uulit ng pantig: *magdadala*. Sa *magpadala*, ang base ay *padala*, kaya: *magpapadala*, hindi *\*magpadadala*. At sa *magsipagdala*, ang base ay *sipagdala*, kung kaya: *magsisipagdala*, hindi *\*magsipapagdala* o *\*magsipagdadala*.

<sup>10</sup> Sa Ingles, ang past tense morpheme ay may isang anyo, *-ed*, bagama’t may dalawang tunog: [t] sa *walked*, [d] sa *begged*. Ang morpemang pangkailanan na *-es* ay may tatlong anyo: [s], [z], [əz] depende sa huling tunog ng kinakabitang salita.



<i>Isulat ang -ng</i>	<i>Sa halip na asimiladong m o n:</i>	
pangbahay	pambahay	pamahay <sup>11</sup>
pangpukpok	pampukpok	pamukpok
pangtanda	pantanda	pananda
pangsundot	pansundot	panundot
mangbambo	mambambo	*mamambo
mangdukot	mandukot	*manukot
atbp.		

Tulad ng maaasahan, may mga instansi na hindi mailalapat ang tuntuntin. Paghambingin ang mga halawan sa ibaba. Ang *pampasko* at *pamasko* ay mabibigyan ng baybay na *pangpasko*, gaya ng panukala. Sa kabilang dako, ang *mamasko* ay babaybain nang gayon, hindi *\*mangpasko*, sapagkat, una-una, hindi tinatanggap ang anyong *\*mangpasko*. Ang ganitong mga halimbawa ay nagpapakomplikado sa ortograpiya sapagkat sa pagbasa o pagbaybay, kinakailangan na sumangguni sa labas ng ortograpiya – sa leksikon – para mapagpasiyahan ang tamang anyo (*mamasko*, pero hindi *\*mamambo*).

	<i>Asimilasyon</i>	<i>Kaltas ng Patinig</i>
pangpasko	pampasko	pamasko
*mangpasko	*mampasko	mamasko

Isa pang dahilan kung bakit kailangang baybayin ang isang halaw na salita sa asimiladong anyo ay kung nagbabago ang kahulugan. Halimbawa ang *ipamahay* at *ipangbahay* ay magkaiba ng kahulugan:

ipangbahay	ipambahay	*ipamahay	“gamitin sa bahay”
*ipangbahay	*ipambahay	ipamahay	“itira sa isang bahay”

Gayonman, sa pamimili ng isang isang anyo para kumatawan sa morpema, makatwirang piliin ang anyong di asimilado, sapagka’t nakalilitaw sa lahat ng lugar (liban sa ilang eksepsyon, gaya ng makikita sa itaas). Mas maraming unlapian na hindi nagbabago ng anyo, halimbawa, kapag kumakabit sa ugat na nagsisimula sa mga tunog na [g, ` , h, l, r, s, w, y]. Ilang halimbawa:

<sup>11</sup>Ang anyo na bunga ng asimilasyon at pagkaltas ng unang katinig ng ugat ay lalo namang nagtatago ng anyo ng ugat, na maaari pang humantong sa isang bagong kahulugan. Halimbawa, ang *ipamahay* ay may dalawang basa. Maraming pagkaltas ang hindi pinapayagan: *\*ipanakma* (*ipangdakma*), *\*ipamuga* (*ipangbuga*), atbp.

panggisa, pangkuskos, pang`abay, panghila, panglala, mangreto, pangsamyo, pangwakas, pangyabang

Gayon din, ang mga salitang binubuo ng inuulit na pantig ay magiging malinaw ang balangkas kung hindi asimilado ang [ŋ] ng unang pantig, haimbawa:

	<i>Sa halip na</i>
dingding	dinding
singsing	sinsing
pangpang	pampang
atbp.	

Mahalagang isipin na hindi sinisira ng ortograpiyang morpema ang prinsipyong tapat sa ponolohiya “phonological faithfulness”. Ang mga anyo na batay sa morpema (*taong-bahay*) ay tapat pa rin sa tunog ng wika. Ang pinangangalagaan ay ang paglayo ng anyo sa saligang anyo ng mga sangkap ng salita.

### **Pag-iwas sa Kudlit**

Ang mga bantas “diacritic mark” ay pangkulay sa mga titik. Sa pagbasa, ang mga bantas ay humihingi ng sariling pansin. Halimbawa, ang < à > ay may dalawang katuturan na kailangang “paghiwalayin”. Dahil dito, ang paggamit ng kudlit ay iniwasan hangga’t maaari.

Sa ortograpiya ng Tagalog/Filipino, may tatlong bantas: paiwa < ` >, na sumasagisag sa impit na tunog, pahilis < ´ >, na sumasagisag sa diin, at pakupya < ^ >, na sumasagisag sa diin at impit. Magbibigay tayo ng ilang panukala para masimplihan ang palabantasan. Ang mga panukala ay sumusunod sa pamilyar na kalakakalan sa ano mang abstraktong sistema: ipahayag na tuntunin ang kapanayan. Una muna, ilang obserbasyon tungkol sa mga salitang ugat.

(i) Karamihan sa mga salitang-ugat ay binibigyan ng diin sa penultima<sup>12</sup>, halimbawa, balíta, dálaw, atbp.

---

<sup>12</sup> Napuna ni Ricardo Nolasco ang isang eksepsyon: *dálita*, na hiram mula sa Sanskrit. Ang mga salitang tulad ng *sabík*, *baság*, *putól*, sa gamit na tulad ng *Baság ang bote*, ay hindi ugat kundi halaw na pang-uri mula sa ugat na *básag*. Pansinin ang pagkakaiba ng diin.

(ii) Kung sarado ang penultima, ibig sabihin, kung ang nasabing pantig ay nagtatapos sa katinig, ang diin ay nasa huling pantig: “bagsák”, “lampás”.

(iii) Kung ang ultima at penultima ay may magkasunod na magkaparehong ponemang patinig (ang tutuo’y may impit na nakapagitan sa kanila) ang diin ay nasa huling pantig: “paá”, “ginoó”, “biík”.

Sapagkat prediktable ang diin sa ganitong mga ugat, hindi na kailangang ipakita pa ang diin.

Ngayon, kung bibigyan ang impit ng sariling sagisag, gaya ng ating panukala, na siya naman dapat sapagkat isang makabuluhang tunog ito, maipapahayag sa isang tuntunin ang pagsasagisag ng diin sa mga salitang ugat:

#### TUNTUNIN SA PAGTULDIK NG MGA SALITANG UGAT

(sa ortograpiyang ponetika)

*Ipakita ang diin (tulдик na pahilis) kung ang diin ay nasa huling pantig.*

Kung gayon, sa ortograpiyang ponetika, na may sariling marka ang impit, isang bantas lang ang gagamitin, ang bantas na pahilis, at sa isang lugar lang makikita – sa huling pantig. Halimbawa, ang mga salita sa kaliwa sa ibaba ay kailangang markahan ng diin sa huling pantig, para hindi mapagkamalan na ibang salita.

*May tulдик*

batá “to bear”

tubó “sugar cane”

*Walang tulдик*

bata` “child”

bata “robe”

tubo` “profit”

tubo “pipe”

} Sapagkat walang markang tulдик,  
ang tulдик ay nasa penultima.

Ang mga salita sa ikalawang pangkat sa itaas ay hindi minamarkahan ng diin sapagkat kung walang markang diin (at kung ang anyo ay cvcv(c)), ang diin ay nasa penultimang pantig. Paghambingin ang mga pares ng pangungusap sa ibaba, tuon sa diin ng mga initimang salita. Sa bawat pares, ang unang pangungusap ay sumusunod sa kasalukuyang

pamamaraan ng tuldikan; ang kapares na pangungusap ay ayon naman sa sinimplihang tuldikan.

Bibili si Ben ng **tubo** at **tubó**; gusto niyang dumami ang kanyang **tubo`**.  
Bibili si Ben ng **túbo** at **tubó**; gusto niyang dumami ang kanyang **tubô**.

Sa daan, hindi niya **nabatá** na nakita ang **bátà** sa tabi ng **báta**.  
Sa daan, hindi niya **nabatá** na nakita ang **bata`** sa tabi ng **bata**.

“**Sígà**”, sabi ni Ben, “**Sigâ** ka na.”  
“**Siga`**”, sabi ni Ben, “**Sigá`** ka na.”

“**Gábi** mamayang **gabí**,” sabi ng bata.  
“**Gabi** mamayang **gabí**,” sabi ng bata.

“**Baká báka**,” sabi ni Ben.  
“**Baká baka**,” sabi ni Ben.

Binuhusan ni Ben ng **sukà** ang **súka** ng bata, bago siya umalis.  
Binuhusan ni Ben ng **suka`** ang **suka** ng bata, bago siya umalis.

Sa sinimplihang tuldikan, sapat ang diing tuldik sa huling pantig, at ang ‘letrang’ impit, para mapagsino ang tuldikan ng mga initimang salita.

Maituturing din na bahagi ng tuldikan ang pagmamarka sa haba ng patinig “vowel length” na nagaganap sa pagbabago ng gramatikang uri ng salita – hindi pagbabago ng kahulugan. Sa mga halimbawa sa ibaba, ginagamit natin ang tuldik na pahilis bilang marka ng haba.

<i>Ugat</i>	<i>Pandiwa</i>	<i>Pang-uri</i>
áni “harvest”	aníhin	ánihin “ready to harvest”
pitás	pitásín	pítasin

Hindi kailangang ipakita ang haba, sapagkat malinaw sa diskurso ang salitang tinutukoy:

Sagana ang *ani* ni Ben ngayon.  
*Anihin* mo na ang palay; baka mabaha pa.  
Gapasin ang *anihin* na; iwanan ang hindi pa.

Sa Ingles, may ganito ring pagkakaiba, halimbawa: *pérfect* (a) – *perféct* (v), *próduce* (n) – *prodúce* (v). Hindi rin ipinapakita sa karaniwang teksto ang diin.

Bilang tulong sa mga nag-aaral ng Filipino, maaaring ipakita ang diin sa lahat ng dapat na lugar sa mga babasahing pampaaralan.

NAKITA natin na bagamat hindi perpekto ang ortograpiyang Tagalog napakasimple naman nito, maging ponetka at lalo na kung ponema ang basihan. Dahil dito, sinabi ng isang banyagang lingguwista<sup>13</sup>:

*“Filipinos are blessed with one of the most nearly perfect alphabets in the world. Don’t make the mistake of changing your alphabets. Don’t imitate the mistakes of English with all the complexities of the spelling system.”*

## Ortograpiya ng Filipino

Binago ang ortograpiya ng Tagalog noong 1976 (at tinawag ang wika na Filipino). Dinagdagan ang 20ng letra ng Tagalog ng 11ng letra: < c, ch, f, j, ñ, ll, q, rr, v, x, z > . Noong 1987, tinanggal ang mga kambal-katinig na < ch, ll, rr > sa katuwirang ang mga letra sa mga kambal-katinig na ito ay nasa alpabeto na ng Tagalog. Ang pahayag na motibasyon sa pagdagdag ng mga letra ay para makatulong sa “intelektwalisasyon” at “modernisasyon” ng wika.

Tagalog + < c, f, j, ñ, q, v, x, z >  
= Modernisado at Intelektwalisadong Filipino

Masasabing may pagka-simplistiko ang pahayag na ito. Una-una, ang pagdagdag *per se* ng mga letra sa alpabeto ay hindi kapag daka’y magtataas sa wika sa antas na intelektwalisado. Intelektwalisado ang isang wika, ayon kay Sibayan (1991), kung ginagamit ito sa tinatawag na mga “controlling domains”, tulad ng gobyerno, edukasyon, propesyon, komersyo, panitikan. Wala sa baybay ng mga salita kundi nasa tiwala ng nagsasalita na gamitin ang wika sa mga talakayan na humihingi ng presisyon, lalim, at lawak ng pag-iisip ang pagiging intelektwalisado ng isang wika. Sa mga talakayan tungkol sa isyong ito, walang paliwanag o katibayan na naihain na kung orihinal ang bihis ng mga salitang hiram, gagamitin na ang mga salita sa mga larangan na nabanggit, at magiging intelektuwalisado na ang alpabeto at wika.

Ikalawa, ang terminong “modernisado”, lalo pa’t kung ang pag-modernisado ay iniaasa sa kosmetikong pagdagdag ng mga banyagang

---

<sup>13</sup> Sa kasawiang-palad, hindi naitala ang pangalan ng lingguwista at ang pamagat ng artikulo.

letra, ay walang kabuluhang naiyaambag sa husay ng wika sa ano mang gamit ng wika. Sabihin nang modernisado ang mga salita sa unang hanay sa ibaba, ano naman ang maitutulong nito sa kadalian ng pagbasa at pagsulat, (lalo pa nga't nagpapalabo ng ortograpiya ang ganitong baybay).

<i>Modernisado?</i>	<i>Di Modernisado?</i>
filosofi	pilosopiya
zooloji	soolohiya
circus	sirkus

Kung hindi maipagtatanggol ang pormularyo sa itaas, walang dahilan para hiramín ang mga letra/tunog. Pero nakakaunsiyami na walang nangahas, liban sa isa, na magpaliwanag kung bakít mangyayari ito. Eksepsyón ang sipi sa ibaba:

*“Ang pagdagdag ng nasabing walóng letra sa alpabeto ng WPP [Wikang Pambansa ng Pilipinas -- rmc] ay magpapadali sa panghihíram ng mga salítang kailangang hiramín para mapayaman, mapaunlad at maging epektibo at modernisado ang WPP. ... makatutulong nang malaki ang mga letrang ito sa pagbabaybay nang angkop na mga salita sa WPP dahil may mga tunog na kinakatawan ng mga letrang ito na hindi makakatawan nang husto ng mga ibang letra sa alpabeto.”* (Ernesto Constantino, *Symposyum sa Repormang Ortograpiko*, Pampleto ng Surian ng Wikang Pambansa, 1985, p. 6).

Ganito ang intindi ko sa sipi sa itaas:

(i) May mga *salítang*<sup>14</sup> kailangang hiramín para mapayaman, mapaunlad at maging epektibo at modernisado ang WPP.

(ii) Mapapadaling hiramín ang mga salítang ito kung hihiramín ang kanilang baybay sapagkat may mga tunog ang mga letra na wala sa Tagalog.

(iii) Hihiramín hindi lang ang mga letra kundi ang mga tunog na kinakatawan ng mga letra.

---

<sup>14</sup> May kakitiran ang salítang “salita” sa sipi. Sa pagpapayaman ng wika, ang hinihíram ay mga diwa – konsepto, pag-iisip, pananaw. Hindi kailangang hiramín din ang mga salita na kumakatawan sa mga diwa, bagamat hindi ito maiiwasan sa maraming pagkakataon.

Samakatuwid, kung ang batayan ng panghihiram ng letra ay dahil sa walang katumbas na tunog sa Filipino:

(i) Hindi kailangang hiramín ang <ñ>, <q>, at <x> sapagkat may mga tunog ang Filipino na katumbas ng mga letrang ito<sup>15</sup>.

(ii) Hindi kailangang hiramín ang <c> sa basang [k] (hal., “carbon”) sapagkat bahagi ng alpabetong Filipino ang titik na <k>. Pero may basa rin ang <c> na [tʃ] (“cello”) at [ʃ] (“special”), mga tunog na wala sa Filipino. Sa ganitong pagkakataon, kung susundin ang panukala, hihiramín ang letrang <c> at ng mga tunog nito na hindi <k>.

(iii) Hihiramín ang mga letra/tunog ng <f>, <v>, <j>, at <z>.

Sa ganitong paraan, sinasabing mapapadali ang panghihiram ng mga salitang banyaga tulad ng “Filipino”, “velvet”, “jargon”, “zebra”, at mga katulad. Walang paliwanag o patunay na madaling hiramín ang “velvet”, halimbawa, kung babaybayin at bibigkasin na “velvet” kaysa sa kung babaybayin at bibigkasin na “belbet”. Bakit kailangang hiramín ang *tunog*?<sup>16</sup> Mahalagang maipakita na kailangang hiramín ang tunog, sapagkat *kung hindi hihiramín ang tunog, walang dahilan para hiramín ang letra*.

Isang problema sa panghihiram ng tunog ang bagay na mahirap itong magtagumpay. Ang dahilan ay sapagkat ang palabigkasan ay isang sistemang mahigpit na sarado: pinangangalagaan nito ang sarili laban sa mga mapanlansag na impluwensya. Bhirang mapunit ang sistema at magpalusot ng ibang elemento. Sa mahigit na 350ng taon na nagtabi ang Tagalog at Espanol, walang ni isang tunog na nahiram ang Tagalog mula sa Espanol. Hindi nahiram ang [f], [v], [z], [ð], at ang mga “bilabial fricatives”.

Kung ipapatupad ang panukalang panghihiram ng letra at tunog, maaabala ang pagtutong bumasa at sumulat ng mga bata. Isang pangangailangan sa mabilis na pagtutong bumasa at sumulat ang “phonological awareness” ng bata (Zalorsky, et al. 2009), na natatamo nila bago pa man pumasok sa eskuwelahan. Bago nila matutuhan ang titik na

<sup>15</sup> Ang <x> ay may basa na [gz], halimbawa, sa *exact*, *exaggerate*, at /kʃ/, halimbawa, *anxious*.

<sup>16</sup> Madalas ding banggitin na makatwirang isama ang mga tunog na [f] at [v], halimbawa, sa Filipino sapagkat may wikang Pilipino. Maraming mga wikang Pilipino ang may mga tunog na wala sa Filipino. Isasama din ba ang mga tunog na ito, at bibigyan sila ng katumbas na letra, sa ortograpiya ng Filipino?

katumbas ng isang tunog, halimbawa, ang titik na <p>, kailangan munang alam nila ang tunog na [p] at kinakatawan ito ng ponemang /p/; ibig sabihin, alam nila na ang [pasa] at [basa], halimbawa ay magkaibang salita. Mahirap magkaroon ng phonological awareness ang mga bata sa mga tunog [f, v, j, z] sapagkat wala silang sapat na karanasan sa mga tunog na ito bilang makabuluhang tunog; hindi nila naririnig na ang [sibra] at [zebra] ay magkaiba ang basa at magkaiba ang kahulugan.

Kung iisipin, wala namang salitang banyaga na *mahirap* hiramín. Kung walang katumbas na tunog at letra sa Filipino, lalapatan at lalapatan ang banyagang salita ng tunog at letra ayon sa sistema ng palatunugan at palabaybayan ng Filipino. Pinapalitan ang mga tunog na [f, v, j, z] ng [p, b, dy, s]. Hindi kayang pigilin ng mga bata ang puwersa ng kanilang katutubong sistema ng pagbigkas. Ngayon, sa sandaling ipakilala ang mga banyagang letra sa eskuwelahan, lalabo ang ortograpiya sapagkat may mahigit sa isang sulat sa isang basa, halimbawa:

<i>Isang basa</i>	<i>Dalawang sulat</i>	
[s]	<s>, <z>	sobra, zebra
[p]	<p>, <f>	pareho, forensic
[b]	<b>, <v>	bisita, vista
[dy]	<dy>, <j>	dyaryo, jargon

Ang tutuo, hindi poproblemahin ng mga bata na bigkasin at isulat ang *sibra* o *belbet*, bagamat tayong sanay ang mga mata sa mga banyagang baybay ay maaaring mamalik-mata sa unang tingin sa nasabing mga salita, pero gunitain na ang pangunahing layunin ng ortograpiya ay pagsulong ng pagbasa at pagsulat.

Samakatuwid, walang kapakinabangang maidudulot – o hindi naipaliwanag o napatunayan – ang panghihiram ng mga letra at tunog. Ang kahihinatnan, batay sa mga establisadong kaisipan, ay ang paglabo ng ortograpiya, na may pangakong magpabigat ng dalahin ng mga bata. Kung gayon, kung (i) makapagpapabagal ang panghihiram ng pagtutong bumasa at sumulat, at (ii) pinapalitan din naman ang hihiramín mga letrang <f, v, j, z>, bakit hihiramín pa ang mga letra at tunog na ito?

Ang mga konsiderasyong ito marahil ang nasa isip ni Alfonso Santiago nang isulat niya:

*“Malaking gulo ang idudulot nito sa palabaybayang Filipino. Kapag ginamit sa mga karaniwang salita ang mga letrang “c, f, j, ñ, q, v,*



*x, z”, maaari nang baybayin ang mga hiram na salita ayon sa palabaybayang Kastila at Ingles. [Empasis sa orihinal] ... Mahalagang isaisip ng mga iskolar ng wika ang panganib na ito bago magmungkahing gamitin na sa mga karaniwang salita ang mga letrang “c, f, j, ñ, q, v, x, z”. (Mga Tanong at Sagot tungkol sa Alpabeto at Patnubay sa Ispeling ng Wikang Filipino, pampleto ng Komisyon sa Wikang Pilipino, 2000, p. 14. Sinulat ni Alfonso Santiago).*

Sa aking palagay, hindi ang ‘pagpapayaman’ ng ortograpiya ang dapat tutukan, kundi ang pagpapayaman ng mga konsepto sa maraming larangan ng pag-iisip, at ang pagpapalawak ng bokabularyo ng mga nagsasalita. Kapag ganito ang pagsasabi natin sa ating hinahangad, makikita natin na hindi naman kailangan na ang pangalan ng mga konsepto na hihiramin ay may baybay at tunog ng banyagang pangalan. Istandardisasyon sa pagpapangalan sa mga bagong diwa, maging hiram o gawang-lokal, ang kailangan. Ang istandardisasyon ay kailangang tungo sa pagsimple ng alpabeto, hindi sa pagkomplikado dito.

### **Pakinabang Pa**

Isang di laging nababanggit na pakinabang sa ulirang ortograpiya ay ang bagay na mahusay na batayan ito ng komputerisadong sistema ng bigkasan, tulad ng otomatikong pagbasa ng teksto “text-to-speech system”. Sa wikang may mababaw na ortograpiya, tulad ng mga wikang Pilipino, simple ang algoritmo sapagkat tiyak at direktso ang tumbasan ng titik at tunog. Sa wikang may malalim na ortograpiya, tulad ng Ingles, masalimuot ang programa dahil sa ang mga letra ay may mahigit sa isang basa at ang tamang basa ay nangangailangan ng impormasyong labas sa ortograpiya – kailangan ang madalas na dalaw sa diksyunaryo. Mahalaga ang ganitong komputerisadong sistema para sa mga may kapansanan ang mata, o sa mga pagkakataon na praktikal ang makinig kaysa sa bumasa.

Isa pang sistemang komputerisadong na makikinabang nang malaki sa ulirang ortograpiya ang tinatawag na “speech recognition system”. Kung ang ortograpiya ay may katangiang “isang bigkas isang letra”, madaling mapagtatagni ang naririnig na mga tunog para buuin ang sulat ng salita – at pangungusap. Kritikal na hakbang ang pagtatala ng tunog sa tamang ortograpiya tungo sa mekanikong pagsasalin ng mga wikang Pilipino sa isa’t isa.

Ang tulong na maibibigay ng simpleng ortograpiya sa pagbuo ng mga mekanikong sistema ng salitaan ay isa pang malakas na katwiran para panatilihin o pag-ibayuhin pa ang pagiging uliran ng ortograpiya ng mga wikang Filipino. Hindi magtatagal, tatangkain nating gumawa ng ganitong mga sistema. Isaalang-alang ang konsiderasyong ito sa pagbabago sa ortograpiya.

## **Gabay sa Pagbaybay**

Sa bahaging ito, bubuo tayo ng ilang gabay sa pagbaybay ng mga salita sa Filipino. Ang mga gabay ay ibabatay sa pundamentong layunin ng ortograpiya: mapadali ang pagtanto ng kahulugan mula sa sulat at ang pagsalin ng kahulugan sa sulat. Mahalagang isipin na ang tinutukoy natin ay *baybay* hindi *bigkas*. Ang baybay na <taong-bahay> ay maaaring bigkasin na [taong bahay] o [taumbahay].

Maraming mahuhusay na panukala sa *Gabay sa Ispeling* at *Gabay sa Editing sa Wikang Filipino (tuon sa pagbaybay)*, dalawang publikasyon ng Sentro ng Wikang Filipino at ng, at sa *Gabay sa Ortograpiya ng Wikang Filipino (2009)* ng Kawanihan sa Wikang Filipino. Sisikaping nating kimpalin sa ilang pagsasaad ang mga kaisipan sa mga dokumentong ito, habang sinasamahan ng ilang pagbabago.

### **Panlahatang Tuntunin sa Pagbaybay**

*Isang titik isang makabuluhang tunog, isang makabuluhang tunog isang titik, liban na lang kung ang pagsunod ay makasisira sa anyo ng makakahulugang sangkap ng salita.*

Hindi masusunod nang husto ang tuntunin dahil sa hindi ulirang ortograpiya ang Filipino.

Nasa ibaba ang ilang panukala. Makikita ang dalawang pangunahing motibasyon ng mga panukala. Una, padaliin ang pagkilala ng mga sangkap ng salita. Ikalawa, simplihan ang pagsasaad para hindi nag-uulik ulik kung kailan susundin, halimbawa ang gamit ng gitling ((3) sa ibaba) at ang gamit ng <d, r> ((6) sa ibaba).

<i>Mga Halimbawa ng Pagbaybay</i>	<i>Gamitin</i>	<i>Iwasan</i>
1. Iwasan ang pagkakabit ng mga salita	gayon pa man	gayonpaman
2. Iwasan ang mga anyong sumailalim sa mga proseso na nagbabago ng anyo ng sangkap. <ul style="list-style-type: none"> <li>• Asimilasyon sa tambalang salita</li> <li>• Asimilasyon sa panlaping nagtatapos sa <i>-ng</i></li> <li>• Pagkaltas ng tunog</li> <li>• Lipatan ng tunog (metathesis)</li> <li>• Pag-uulit ng pantig sa pagbuo ng ugat</li> <li>• Pag-uulit ng pantig sa impleksyon</li> <li>• "Monophthongization"</li> </ul>	taong bahay pangbambo  dakipin kaniya atipan tungtong  makakakuha  mayroon	taumbahay pambambo  dakpin kanya aptan tuntong  makakukuha  meron
3. Iwasan ang paggamit ng gitling. <ul style="list-style-type: none"> <li>• Pag-isahin, huwag paghiwalayin ng gitling, ang mga inuulit na ugat o bahagi ng ugat. (Ituring na panlapi ang reduplikasyon.)</li> <li>• Panatilihing magkahiwalay na salita ang tambalan na pinag-uugnay ng <i>-ng</i></li> <li>• Gayon din, huwag gamitan ng gitling ang reduplikasyon ng buong salita na pinag-uugnay ng <i>-ng</i>. (Ang <i>-ng</i> ay tulad ng <i>na</i> sa <i>mabait na mabait</i>, na hindi isinusulat na <i>mabait-na-mabait</i>.)</li> <li>• Huwag gamitan ng gitling ang unlapian kahit na ang 'ugat' ay salitang pantangi.</li> <li>• Huwag ihiwalay ng gitling ang panlaping ika-</li> <li>• Sa halip na gitling, tuldik na paiwa ang gamitin para paghiwalayin ang panlaping nagtatapos sa katinig at ugat na nagsisimula sa patinig.</li> </ul>	lakilaki, balibaliktad, gandaganda  dalawang daan, labing pito, isang katlo, dalagang bukid malaking malaki  tagaMaynila magPAL, iLBC, inLBC  ika3, ikapito  mag`alis, may`ari	laki-laki, bali-baligtad, ganda-ganda  dalawang-daan labing-pito, isang-katlo  malaking-malaki  taga-Maynila mag-PAL, i-LBC, in-LBC  ika-3  mag-alis, may-ari
<ul style="list-style-type: none"> <li>• Gamtin ang gitling sa tambalang</li> </ul>	bahay-bata,	

salita kung may nawawalang pangatnig sa pagitan	bahag-hari, hampas-lupa, urong-sulong, ma(ging)-maliit, Fe Go-(asawa ni) Reyes	
4. Ang mga pangalang pantangi ay kapitalisado kahit sa unlapian.	kaTagalogan,	katagalogan
5. Pag-isahin ang baybay ng <u> at <o> sa dulo ng salita. Gamitin ang <o>.	sangpo, isyo, halohalo, batobato	sangpu, isyu, halu-halo, batu- bato
6. Sa paggamit ng <d> at <r>, gamitin ang <d> sa lahat ng lugar. Liban kung naghuhudyat ng ibang kahulugan	ako din, madami madikit - marikit	ako rin, marami
7. Iwasan ang <e> at <o> sa simula at gitna ng salita.	diskarga, digrado	deskarga, degrado
	pulitiko, kumpitisyon, uligarko, opisyal	politiko, kompetisyon, oligarko, opisyal
8. Sa mga salitang nagtatapos sa <e> na hinuhulapian, gamitin ang <i> sa lahat ng pagkakataon.	sinihan, basihan,	sinehan, basehan,
9. Ang <i>-iya</i> ay baybayin ng <i>-ya</i> , ang <i>-uwa</i> ng <i>-wa</i> .  Liban kung ang ugat ay magiging isang pantig.	pasensya, pilosopya ortograpiya, syansye, demokrasya, syomay, bwitre, bwisit niya, siya, Diyos, kaniya, tuwid	pasensiya, pilosopiya, ortograpiya, siyansiye, demokrasiya, siyomay, buwitre, buwisit nya, sya, Dyos, kanya, twid,
	katuwiran	katwiran

Sa madali't sabi, igalang ang mga anyong kanonikal ng mga (sangkap ng) salita at mga puwersa at kakilingan ng balarila ng wika. Ipagwalang-bahala lang kung talagang malaki ang pakinabang, sapagkat malaki ang gastos na subain ang wika<sup>17</sup>.

<sup>17</sup> Ang wika ay bumibigay kung walang patlang ang asulto. Halimbawa, ang pagbabawal sa sunurang katinig sa unahan ng ugat, na dati'y sinisingitan ng patinig (hal., *prito* > *pirito*, *planggana* > *palanggana*) ay napasuko rin: *prito*, *planggana*, *problema*, *grabe*. Katunayan, hindi tinatanggap ang mga hiram sa Ingles na binibiyak ang sunuran: *\*garabe*, *\*poroblema*. Ang napala ay isang maliit na kaguluhan. Hindi tinatanggap ang *\*poroblema*, pero tinatanggap ang

## Pagbaybay ng mga Hiram na Salita

Paraan ng pagbaybay sa mga hiram na salita.

- (i) Bigkasin at baybayin sa orihinal na 20ng letra ng Tagalog ang hiram na salita, liban sa:
  - (a) mga salitang pantangi (Cruz, Venezuela, Magna Carta, Doctrina Cristiana),
  - (b) mga salitang may natatanging kahulugang pangkultural, pang-akademiko, pang-agham at pangteknikal (geisha, kibbutz, habeas corpus, joie de vivre, leitmotif, Sturm und Drang, nitrobenzene).
- (ii) Kung ang salita ay hindi sakop ng (i), panatilihin ang orihinal na baybay, pero ipakitang banyaga ang salita.

Ang layon ng (i) ay para hindi lumabo ang ortograpiya ng Filipino (halimbawa, hindi magkaroon ng dalawang titik ang katumbas na isang tunog). Tungkol sa (ii), mahalagang makilala ng mga bata na ang isang salita ay banyaga, para noon ay maisama niya ang salita sa kanyang “banyagang bokabularyo”, para hindi makagulo sa kanyang konsepto sa ortograpiya o anyo ng mga salita sa kanyang wika. Makikilala na ang isang salita ay banyaga kung ito ay may letrang banyaga: kung may titik na <c, f, v, j, x, z> at iba pa. Sa pagmamarka na banyaga ang anyo ng salita, maaaring gamitin ang tipong italiko, lalo na kung ang salita ay banyaga kahit na walang banyagang titik: *bolshoi*.

Sa listahan sa ibaba, makikita ang ilang halimbawa ng pagbaybay ng mga salitang hinihiram.

*Mga Halimbawa ng Pagbaybay ng Salitang Hiram*

*Gamitin*

*Iwasan*

1. Baybayin at bigkasin sa orihinal na 20 letra ng Tagalog.	abstrak,, yupemismo, kongklusyon, kontemporanyo, syudad, altruwista,	
2. Sa panlapihan, paboran ang unlapian kaysa sa gitlapihan.	magdelete	dumelete

*poproblemahin* (at *proproblema*). Saan galing ang *po-* ng *poproblemahin*? Isang paliwanag: dalawa ang pang-ilalim na anyo: *problema* at *poroblema*. Ang una ang basihan ng *proproblema* at ang ikalawa ang basihan ng *poproblomahin*. Sa isang bahagi ng morpolohiya ng Filipino, itatala na ang basihang *poroblema* ay hindi maaaring maging pang-ibabaw na anyo.

<p>3. Markahan ang hiram na salita kung nasa orihinal na baybay.</p> <p>a. Gamitin ang tipong italiko</p> <p>b. Kung sulat-kamay, guhitan sa ilalim ang hiram na salita.</p>	<p><i>magdelete, dumelete, deletein, dinelete</i></p> <p><u>magdelete, dumelete, deletein, dinelete</u></p>	
<p>4. Pag-isahin ang baybay ng &lt;es&gt; at &lt;is&gt; sa unahan ng salita. Gamitin ang &lt;is&gt;.</p>	<p>istilo, iskuwela</p>	<p>estilo, eskuwela</p>

Sa pagbuo ng tuntunin, iwasang ang tuntunin na nangangailangang sumangguni sa ano mang impormasyong labas sa ortograpiya, halimbawa:

- (i) Kung ang kondisyon ay ang pinanggagalingan ng salita – Ingles o Kastila.
- (ii) Kung ang kondisyon ay malabo ang hangganan, halimbawa “na matagal nang naasimila sa Tagalog”. ”(Gaano katagal ang “matagal”?)

Malawak ang sakop ng panlahatang tuntunin sa pagbaybay, gaya ng makikita. Gayon man, may mga eksepsyon – mahirap iwasan, una-una, dahil sa hindi perpekto ang ortograpiya ng Tagalog/Filipino. Inaasahang ang listahan ng mga eksepsyon ay ‘pinaka’kakaunti, at ang kabilang sa bawa’t eksepsyon ay kakaunti.

## Ilang Panukalang Pag-aaral

Ang pangunahing tungkulin ng ortograpiya ay magsulong ng pagsulat at pagbasa. Ang pag-intindi ng binabasa ay isang abilidad na masusukat.

- Isalang sa pagsusulit ang epekto ng mga banyagang letra sa pagbasa. Alin ang mas episyenteng prosesuhin: ang mga salitang may mga letrang <f, v, j, z> o ang katumbas na mga salitang binaybay ayon sa katutubong palabaybayan?
- Isalang sa pagsusulit ang tunggalian ng prinsipyong ponolohiya at prinsipyong morpolohika sa ortograpiya. Alin ang mas madaling prosesuhin: ang mga salitang baybay ponemika (*taumbayan*) o baybay morpolohika (*taong-bayan*)? Maaari kayang ang maka-ponetikang ortograpiya ay siyang lapat sa mga bata at

ang maka-morpemang ortograpiya ang siyang lapat sa mga bakitang mambabasa?

- Ano ang antas ng *pagtanggap* ng mga literasadong tagapagsalita sa ulirang ortograpiyang ponemika, partikular sa (i) pagsasagisag ng impit bilang isang grapema <`>, (ii) pagsasagisag ng pailong na pangngala-ngala sa letrang <ŋ>, at (iii) pagsasagisag ng mga aloponong [e, i] sa letrang <i> at ng mga aloponong [o, u] sa letrang <u>?
- Maaapektuhan ba ang mga literasadong tagapagsalita sa pag-intindi ng binabasa kung ang mga salita ay baybay sa ulirang ortograpiyang ponemika laban sa kung baybay sa kasalukuyang ortograpiya?

Sa pamamagitan ng mga pagsusulit na ito, at ilan pa, makakatipon tayo ng mga datos na makakatulong sa matalinong paghusga ng mga alternatibong daan.

## Paglalogom

Simple at halos perpekto ang ortograpiya ng mga wikang Pilipino. Ang panghihiram ng mga titik at tunog <f, v, j, z> ay makapagpapalabo ng ortograpiya. Ipinanukala na mangalap ng mga datos na makakatulong sa matalinong paghusga ng mga panukala sa pagbabago.

## Apendiks

### A. Tumbasan ng Tunog at Letra ng “f, j, v, z” ng Ingles

Letra	Tunog	
f, -ff,	/f/, /v/	fine, off, of
j	/dʒ/, /j/, /ʒ/, Ø	jump, ajar, Hallelujah, Jean, Marijuana
v, - vv	/v/	vine, savvy
z, - zz	/z/, /ts/	zoo, pizzazz, schizo, pizzas

Tunog	Letra	
/f/	f, ph, ff, gh, pph, u	fine, physical, off, laugh, sapphire, lieutenant (Br)
/v/	v, vv, f, ph	vine, savvy, of, Stephen

/z/	s, z, x, zz, ss, ze, c (in some dialects)	has, zoo, xylophone, fuzz, scissors, breeze, electricity
/dʒ/	g, j, dg, dge, d, di, gi, ge, dj, gg	magic, jump, ledger, bridge, graduate, soldier, Belgian, dungeon, Djibouti, exaggerate

### B. Mga Letrang Patinig at mga Katumbas na Tunog sa Ingles

Letter	Lax	Tense	Heavy	Tense-R
<b>a</b>	/æ/ <i>man</i>	/eɪ/ <i>mane</i>	/ɑ/ <i>mar</i>	/ɛ/ <i>mare</i>
<b>e</b>	/ɛ/ <i>met</i>	/i/ <i>mete</i>	/ɜ/ <i>her</i>	/ɪ/ <i>here</i>
<b>i</b>	/ɪ/ <i>win</i>	/aɪ/ <i>wine</i>	/ɜ/ <i>fir</i>	/aɪ/ <i>fire</i>
<b>o</b>	/ɑ/ <i>mop</i>	/oʊ/ <i>mope</i>	/ɔ/ <i>for, fore</i>	
<b>u</b>	/ʌ/ <i>hug</i>	/ju/ <i>huge</i>	/ɜ/ <i>cur</i>	/jʊ/ <i>cure</i>
<b>u</b>	/ʊ/ <i>push</i>	/u/ <i>rude</i>	—	/ʊ/ <i>sure</i>

### C. Mga Halimbawa ng Reporma ng Wika (Mula sa Wikipedia: [http://en.wikipedia.org/wiki/Spelling\\_reform](http://en.wikipedia.org/wiki/Spelling_reform) ).

Pansinin na ang tinutungo ng halos lahat ng pagbabago ay tungo sa pagsimple hindi pagkomplikado ng ortograpiya. Pansinin ang mga pinatingkad na bahagi.

- Chinese (1950s PRC) — reformed the script used to write the standard language by **introducing Simplified Chinese characters** (later adopted by Singapore and Malaysia, but Traditional Chinese characters remain in use in Taiwan, Hong Kong, Macau, and various overseas Chinese communities).
- Czech (19th century) — The dictionary of Josef Jungmann contributed to the renewal of the vocabulary. In the 1840s the letter w became replaced by v.
- Estonian (1910s/1920s) — reform movement led by Johannes Aavik and Johannes V. Veski renewed the vocabulary, borrowing a lot of roots from Finnish and other Uralic languages and even inventing some roots that do not exist anywhere.
- French (most recent in 1990): **Simpler plurals of composite words**, some modifications to hyphenation, some changes to accents; The past participle of transitive verbs in combinations with *laisser (let)* is now invariable, it was changed to reflect feminine forms and plural forms beforehand.
- German (1966) — The reform aimed to **systematise the correspondence between sounds (phonemes) and letters (graphemes), and to strengthen the principle that derived forms should follow the spelling of the root form**. Wikipedia ([http://en.wikipedia.org/wiki/German\\_orthography\\_reform\\_of\\_1996](http://en.wikipedia.org/wiki/German_orthography_reform_of_1996))
- Greek (1970s/1980s) — while the written "pure" language, the *katharevusa*, was full of Old Greek words, the spoken "popular"



language, the dhimotiki was not. After the fall of the military rule, a law was promulgated, making the latter become the written language as well. For example, on Greek coins, the plural of the currency was drachmai (katharevusa form) before and became drachmes (dhimotiki form) after 1982.

- Hebrew (1920s) – Modern Hebrew was created from Ancient Hebrew by **simplification of the grammar (especially of the syntax)** according to Indo-European models, coinage of new words from Hebrew roots based on European models, and simplification of pronunciation rules.
- Hungarian (late 18th and early 19th centuries) – more than ten thousand words were coined,[1] out of which several thousand are still actively used today.
- Indonesian – Indonesian underwent spelling reforms in 1947 and 1972, after which its spelling was more consistent with the form of the language spoken in Malaysia (i.e. Malay).

Old spelling	oe	tj	dj	j	nj	sj	ch
New spelling	u	c	j	y	ny	sy	kh

- Irish (1940s) – **spelling system greatly simplified** e.g. *Gaedheal* became *Gael*, *Ó Séigheadh* became *Ó Sé*.
- Japanese – ... a Cabinet order in 1946 officially adopted spelling reform, making the spelling of words purely phonetic (with only 3 sets of exceptions) and dropping characters that represented sounds no longer used in the language.
- Norwegian (20th century) – as Norway became independent from Denmark (1814), Norwegian started to drift away from Danish. The reforms in 1907 and 1917 made Riksmåal the written standard Norwegian, renamed Bokmål in 1929. Bokmål and the more vernacular Nynorsk were made closer by a reform in 1938. Today both language forms are spoken: on Norwegian coins, the name of the country is alternately Norge (Bokmål) and Noreg (Nynorsk).
- Portuguese (20th century) – **replaced a cumbersome traditional spelling system with a simplified one** (*asthma*, for instance, became *asma* and *phthysica* became *tísica*). ... Subsequent reforms ... to reduce the number of words marked with diacritics ...
- Romanian (19th century) – replaced the Cyrillic alphabet with the Latin alphabet, deprecated hundreds of Slavic in favor of Romance ones.
- Russian – The most recent major reform of Russian spelling was carried out shortly after the Russian Revolution. The Russian orthography was simplified by eliminating four obsolete letters (*ѣ*, *ѝ*, *ѧ*, and *Ѩ*) and the archaic usage of the letter *ѣ* (called *yer*, or *hard sign*) at the ends of words, which had originally been a vowel with a sound similar to schwa, but had become silent by the 20th century. ... A notable de-facto modification of spelling is the replacement of the letter *ѣ* with *e*.
- Somalian (1970s) – with the assistance of Bogumil W. Andrzejewski, who started his linguistic work in Somalia in 1949, a Latin alphabet was elaborated, made compulsory in 1972 by strongman General Mohamed Siad

Barre. Also the vocabulary was renewed, a lot of new words became coined from existing Somali roots.

- Turkish (1930s) – language and writing system were reformed starting in the 1920s, to the point that the older language is called by a different name, Ottoman Turkish. The Ottoman alphabet was based on the Arabic alphabet, which was replaced in 1928 by the new, Latin-based Turkish alphabet. **Loanwords of Persian and Arabic origin were dropped in favor of native Turkish words or new coinages based on Turkic roots.**
- Vietnamese (20th century) – during the French colonial rule, the classical vernacular script based on Chinese characters was replaced with the new Latin alphabet.

## Sinangguni

Almario, Virgilio S. 1993, 2009. *F\_l\_p\_no ng mga F\_l\_p\_no*. Manila: Anvil.

Coulmas, N. 1991 *The writing systems of the world*. Oxford: Basil Blackwell.

Linangan ng mga Wika sa Pilipinas (Surian ng Wikang Pambansa). 1987. "Ang alpabeto at patnubay sa ispelling ng wikang Filipino". *Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports*. 1987, Kautusang Pangkagawaran, Blg. 81, 1987.

Miclat, Mario I. & Romulo P. Baquiran, Jr. (mga patnugot). 1999. *Sangguniang Gramatika ng Wikang Filipino*. Sentro ng Wikang Filipino, Unibersidad ng Pilipinas-Diliman.

Nooteboom, Sieb. 2007. "From phonemes to letters or from letters to phonemes?" *Written Language & Literacy*, Volume 10, Number 2, 2007, pp. 129-143(15).

Sibayan, Bonifacio. 1991. "The intellectualization of Filipino". *International Journal of the Sociology of Language* 88, 59-81.

Richard Sproat . 2000. *A Computational Theory of Writing Systems* (Studies in Natural Language Processing). Cambridge University Press.

Santiago, Alfonso O. & Norma G. Tiangco. 2003. *Makabagong Balarilang Filipino*. Binagong Edisyon. Manila: Rex Book Store.

van den Bosch, Antal. 2006. "Spelling space: A computational test bed for phonological and morphological changes in Dutch spelling". *Written Language & Literacy*, Volume 9, Number 1, 2006, pp. 25-44(20).

- Venezky, Richard L. 2004. "In search of the perfect orthography". *Written Language & Literacy*, Volume 7, Number 2, 2004 , pp. 139-163(25).
- Vernon, Sofía A., Gabriela Calderón, Luis Castro. 2004. "The relationship between phonological awareness and writing in Spanish-speaking kindergartners". *Written Language & Literacy*, Volume 7, Number 1, 2004 , pp. 101-118(18).
- Wiese, Richard. 2004. "How to optimize orthography". *Written Language & Literacy*, Volume 7, Number 2, 2004 , pp. 305-331(27).
- Zafra, Galileo, et al. (mga patnugot). 2005. *Gabay sa Editing sa Wikang Filipino (tuon sa Pagbaybay)*. Sentro ng Wikang Filipino, Unibersidad ng Pilipinas-Diliman.
- Zafra, Galileo, et al. (mga patnugot). 2008. *Gabay sa Ispeling*. Sentro ng Wikang Filipino, Unibersidad ng Pilipinas-Diliman.
- Zaretsky, Elena, Jelena Kuvac Kraljevic, Cynthia Core, Mirjana Lencek. 2009. "Literacy predictors and early reading and spelling skills as a factor of orthography: Cross-linguistic evidence", *Written Language & Literacy*, Volume 12, Number 1, 2009 , pp. 52-81(30).